8

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Sagutang Papel sa Pagkatuto sa Filipino

Kuwarter 2

Aralin 2

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Sagutang Papel sa Pagkatuto sa Filipino 8**
**Kuwarter 2: Aralin 2 (Linggo 2)**
**TP 2025-2026**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para sa paunang implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

Mga Manunulat:

- Joel C. Malabanan (Philippine Normal University-Manila)

Mga Tagasuri:

- Evelyn M. Varron (Philippine Normal University-Manila)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Center

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino 8 | **Kuwarter:** | 2 |
| **Bilang ng Aralin:** | 2 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng Estados Unidos | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 1: Pagkilala (10 minuto)**

**II. Layunin:** Natutukoy ang mga pangyayari kaugnay sa pananakop ng mga Amerikano sa Pilipinas

**III. Mga Kailangang Materyales:** Sagutang papel at panulat

**IV. Panuto:** Makikita sa ibaba ang dalawang sasakyang dagat, isa ay ang Reina Cristina na pag-aari ng Espanya at isa ang Olympia na pag-aari ng Amerika. Piliin ang mga salita sa kahon at isulat sa tapat ng Reina Cristina kung may kaugnayan ito sa pananakop at impluwensiya ng mga Kastila at sa tapat ng Olympia naman kung may kaugnayan ito sa pananakop at impluwensiya ng Amerika.

| | |
|---|---|
| ***Maghanap ng larawan ng barkong "Reina Cristina"*** | ***Maghanap ng larawan ng barkong "Olympia"*** |

| REINA CRISTINA | OLYMPIA |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

| | |
|---|---|
| Apolinario dela Cruz (Hermano Pule) | Moro-moro |
| Demokrasya | Pasyon |
| Felipe Salvador (Apo Ipe) | Patricio Montojo |
| George Dewey | Thomasites |
| Kristiyanismo | Vaudeville |

## V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak

Sagutin ang sumusunod:

1. Paano nagsimula ang Digmaang-Pilipino at Amerikano?

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________

2. May dapat ba tayong tanawing utang na loob sa Amerika? Bakit?

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________

## SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino 8 | **Kuwarter:** | 2 |
| **Bilang ng Aralin:** | 2 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng Estados Unidos | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 2: Pagkilala sa Simbolismo (10 minuto)**

**II. Layunin:** Naiisa-isa ang simbolismo sa mga pangunahing tauhan sa akdang "Sa Dakong Silangan"

**III. Mga Kailangang Materyales:** Sagutang papel at panulat

**IV. Panuto:** Pagbabalik-aral sa Akdang "Sa Dakong Silangan" ni Jose Corazon de Jesus Ilarawan ang simbulo ng sumusunod na tauhan sa kasayasayan ng Pilipinas sa pamamagitan ng isang buong pangungusap.

1. Haring Pilipo

______________________________________________

______________________________________________

2. Haring Samuel

______________________________________________

______________________________________________

3. Reyna Malaya

______________________________________________

______________________________________________

4. Prinsipe Dolar

______________________________________________

______________________________________________

5. Duke Democrito

______________________________________________

______________________________________________

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Sagutin ang mga tanong:

Bakit mahalaga ang mga akdang “Sa Dakong Silangan” at “Bayan Ko” ni Jose Corazon de Jesus? Paano nailarawan sa dalawang akda ang katangian ng panitikang Pilipino sa panahon ng pananakop ng Amerika? Ipaliwanag.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| **Asignatura:** | Filipino 8 | **Kuwarter:** | 2 |
|---|---|---|---|
| **Bilang ng Aralin:** | 2 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng Estados Unidos | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 3: Pagsusuri ng Tekstong Biswal**

**II. Layunin:** Natutukoy kung paano ginamit ng mga Amerikano ang edukasyon sa pananakop sa Pilipinas

**III. Mga Kailangang Materyales:** Sagutang papel at panulat

**IV. Panuto:** Suriin ang larawan at ipaliwanag ang mensahe sa sariling pangungusap.




Dalrymple, L. (1898). A political cartoon depicting a man shielding a woman from 3 figures representing different countries or groups. LOC's Public Domain Archive. https://loc.getarchive.net/media/save-me-from-my-friends-dalrymple.

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Ano- anong elemento ng Tekstong Biswal ang makikita sa larawan? Paano nagkakatulad ang pananakop ng Amerika sa Pilipinas at sa Cuba batay sa larawan? Ipaliwanag.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino 8 | **Kuwarter:** | 2 |
| **Bilang ng Aralin:** | 2 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng Estados Unidos | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |


**I. Bilang ng Gawain 4: Paghahawan ng Bokabularyo (10 minuto)**

**II. Layunin:** Nakikilala ang kahulugan ng mga salitang nagamit sa akda

**III. Mga Kailangang Materyales:** Sagutang papel at panulat

**IV. Panuto:** Ang mga salitang nakahiga sa sumusunod ay mula sa akdang "Kahapon, Ngayon at Bukas" ni Aurelio V. Tolentino. Piliin lamang sa barko ng mga salita ang pinakamalapit na kahulugan ng mga ito at isulat sa tapat ng pahayag.

1. huwag dadalawin ng siphayo't ng *hilahil*
2. madlang *biyaya* sa kaniya'y sumagana.
3. tanging *suhay* ng aking buhay.
4. Huwag sabihin ang *pakay.*
5. ang buwisit at *manggagaway*
6. *dinudusta* ninyo sa libingan
7. *libakin* ang inyong sariling dangal.
8. kayo po ay *babakahin*
9. *nilakong* buhay ng bayan
10. *taliba* ng kaaway




**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Gamitin sa sariling mga pangungusap ang mga salitang binigyang kahulugan. Isulat ang sagot sa ibaba at sa likod ng sagutang papel.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| **Asignatura:** | Filipino 8 | **Kuwarter:** | 2 |
|---|---|---|---|
| **Bilang ng Aralin:** | 2 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng Estados Unidos | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 5: PAGKUKUMPARA**

**II. Layunin:** Naikukumpara ang panitikan sa panahon ng mga Kastila at panahon ng mga Amerikano.

**III. Mga Kailangang Materyales:** Sagutang papel at panulat

**IV. Panuto:** Pagkumparahin ang akdang "Sa Dakong Silangan" ni Jose Corazon de Jesus at ang dulang "Kahapon Ngayon at Bukas" ni Aurelio V. Tolentino. Isulat ang obserbasyon sa kahon.

| | **SA DAKONG SILANGAN** | **KAHAPON, NGAYON, AT BUKAS** |
|---|---|---|
| Anyo ng Akda | | |
| Paksa ng Akda | | |
| Pangunahing mga Tauhan | | |
| Mensaheng Nais Iparating sa Mambabasa | | |

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Paano mailalarawan ang tauhan, tagpuan, banghay at tunggalian sa dulang "Kahapon, Ngayon at Bukas" ni Aurelio Tolentino? Ipaliwanag.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino 8 | **Kuwarter:** | 2 |
| **Bilang ng Aralin:** | 2 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng Estados Unidos | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 6: Pagtukoy**

**II. Mga Layunin:** Natutukoy impormasyon batay sa binasang akda

**III. Mga Kailangang Materyales:** Sagutang papel at panulat

**IV. Panuto:** Basahin at unawain ang sumusunod upang masuri ang alegorya ng pananakop ng Amerika sa Pilipinas.

**KAHAPON, NGAYON AT BUKAS (bahagi lamang)**
**(Unang Tagpo ) Aurelio V. Tolentino**

**MGA TAUHAN**
INANGBAYAN (PILIPINAS)
BAGONGSIBOL (AMERIKA)
TAGA-ILOG (ANG KATAGALUGAN)
MALAYNATIN (GOBYERNO AMERIKANO)
HARINGBATA (HARING INSIK)
WALANG-TUTOL (LALAKING PILIPINO)
DILAT-NA-BULAG (ESPANYA)
MASUNURIN (BABAING PILIPINA)
MATANGLAWIN (GOBYERNO NG KASTILA)
ASALHAYOP (MAPAGLILONG TAGALOG)
HALIMAW (PRAYLE)

Mga taong bayan, mga Hukbong Tagalog, mga Hukbong Insik, Kapisanan ng Cruz Rojang babae, mga kawal na rebolusyonaryo, mga batang lalaki't babae, bandang musika ng Hukbong Tagalog, mga kaluluwa ng nangamatay sa labanan, ang Haring Kamatayan, Rehimiyento ng Artukeria, Infanteria at Ingenieria.

BAHAGI I
(Isang bakurang may sagingan at iba pang halaman sa tabi. Sa gitna ay isang balag.)

LABAS I
(Asalhayop at mga taong bayan. Nangakahanay ang babae sa kanan at ang mga lalaki naman sa kaliwa. Nangakataas ang kanang kamay nilang lahat, na tumatangan ng kopang ginto. Masasaya ang anyo nila.)
(Asalhayop, Masunurin, Walangtutol, mga taong – bayan.)

WALANGTUTOL: Mag inuman, magsayawan.

MASUNURIN: Si Asalhayop ay ipagdiwang.

KORO: Ipagdiwang.

1.o Mapalad ang kanyang buhay
1.a at lumawig habang araw.
2.o Habang araw.

WALANGTUTOL: Dangal niya'y huwag dadalawin ng siphayo't ng hilahil.

MASUNURIN: Si Asalhayop ay ipagdiwang

KORO: Ipagdiwang

1.o Mapalad ang kanyang buhay
1.a at lumawig habang araw.
2.o Habang araw.

WALANGTUTOL: Dangal niya'ya huwag dadalawin ng siphayo't ng hilahil.

2.a Huwag dadalawin
3.a Dangal niya'y magluningning sa ligayang sasapitin.

KORO: Magluningning

MASUNURIN: Madlang puri, madlang biyaya sa kaniya'y sumagana.

KORO: Sumagana

3a Madlang yaman, madlang tuwa sa kaniya'y lumawig nawa.

KORO: Lumawig nawa.

ASALHAYOP: Katoto't giliw, mga kaibigan, sa inyo'y salamat nang habang buhay. Ang inyong nais na tungkol sa akin ay aking biyaya sa sasapitin. Kayo ang dangal ko, at kayong tunay ang tanging suhay ng aking buhay.

*(Lalapitang isa-isa ni Asalhayop ang mga Koro at ipipingki sa kani-kanilang kopa ang kanyang hawak.)*

Mag- inuman, magsayawan, mag-awitan, limutin ang kalumbayan.

KORO: Mag inuman.

(Anyong iinumin ng lahat ang laman ng kanilang kopa. Biglang lalabas si Inangbayan. at si Taga-ilog. Magugulat ang mga dadatnan. Tititigan sila nang kagulat-gulat ni Inabayan.)

LABAS 2
(Sila rin, Inangbayan, Taga-ilog)

INANGBAYAN: Mga walang loob, mga walang damdam, Kayo'y masasaya, bago'y nagluluksa ang kawawang bayan. Mga walang puso, mga walang dangal, nahan ang pangakong kayo ay dadamay sa mga pumanaw?

(Tatawa nang malakas si Asalhayop. At ituturo si Inangbayan.)

INANGBAYAN: Asalhayop!

ASALHAYOP: Masdan ninyo si Inangbayan, ang buwisit at manggagaway.

(Magtatawanan ang Koro.)

Humayo ka, Inangbayan, Huwag sabihin ang pakay. (Magtatawanan ang Koro.)

KORO: Mag-inuman

(Anyong iinumin ang laman ng mga kopa.)

INANGBAYAN: Huwag!

Huwag ninyong lagukin, huwag ninyong mainom ang hinahawakang alak na may lason.

(Magtatawanan ang Koro.)

Ang inyong kaluluwa ay malilinggatong, kayo'y isusumpa ng mga panahon.

(Magtatawanan ang Koro.)

Mainit pang tunay sa mga burulan ang bangkay ng inyong nuno at magulang.

(Magtatawanan ang Koro.)

Hayo at mag-isip ng tinutunguhan, hayo at bakahin ang mga kaaway.

(Mahabang tawanan nila Asalhayop at ng Koro)

KORO: Magsayawan

(Iinumin ni Asalhayop at ng Koro ang laman ng mga kopa. Tititigan sila ng kagulat-gulat na Ina)

INANGBAYAN: Mga walang kaluluwa! Ang inyong mga kasayahan ngayon ay pagdustang tunay sa libingan ng ating marangal na lipi. Ano? Hindi baga ninyo nararamdaman sa ibutod ng inyong mga puso ang lamig ng kamatayan ng bayan? Hindi baga kayo nangahihiya sa sarili, ngayong kayong nangangasayahan sa ilalim ng talampakan ni Haringbata?

ASALHAYOP: Mahusay manalumpati ang ating ina, ang manggagaway.

INANGBAYAN: Ako man.

ASALHAYOP: Kita ninyo? Kita ninyo't humihingang kusa, pagkakitang hindi natin sila alintanahin? Magaling talaga si Inangbayan.

ASALHAYOP: (Kay Ina.) Heto ang alak na alay ko sa iyo.
(Bibigyan siya ng isang kopa.) Mag inuman! (Itinaas ni Asal at Koro and kanilang mga kopa.)

WALANG TUTOL: Mabuhay si Asalhayop!

KORO: Mabuhay!

INANGBAYAN: Sumpain nawa ni Bathala ang hindi nagsisisi sa paglapastangan sa araw na ito! Ito ngang tunay ang araw ng kamatayan ng mga tagapagtanggol ng bayan. Ito ang araw ng pagkakalugso ng ating kahambal – hambal na Balintawak. Sumpain nawa ni Bathala ang hindi nagsisi!

Taos sa puso ko yaring sumpa, at sa katunayan ay . . . ayan!

ASALHAYOP: Inangbayan!

KORO: (Biglang lalapitan ni Asalhayop si Inangbayan. at tatampalin. Si Inangbayan. ay mabubuwal, kasabay ng pagtawa ng Koro.)

ASALHAYOP: Mangagaway!
(Kasabay ng tampal at tawanan. Kasabay ng pagsakal sa kanya at pagtindig ni Inangbayan.)

WALANGTUTOL: Huwag! Bitiwan mo siya, Asalhayop.
(Bibitiwan)

INANGBAYAN: Asalhayop, sa paglapastangan mo sa akin ay nahulog sa Apo, sa kamay ni Mandaragan, ang taksil mong kaluluwa. At kayong mga nakianib sa kanya, kayong mga anak kong pinakamamahal, ay nangahawa na mandin sa kanyang sawing palad. Dinudusta ninyo sa libingan ang dangal ng inyong mga nuno.

Ah! Hindi ko inakala kailan pa man, na kayo'y hindi ko maihahalubilo sa mga angkang nagkalat dito sa Dulong Silangan.

Mga anak ko, mga bunsong pinakaiibig, kayo'y nangaliligaw. Panumbalikin ninyo ang inyong mga loob, pagsisihan ninyo ang paglapastangan sa akin at sa dakilang araw ng bayan. Kapag nilimot ninyo ang araw na ito ay lilimutin din ninyo ang libingang luksa ng inyong mga magulang.

Kayo'y nangabulag na lubos. Buksan ninyo ang inyong mga mata.

(*Biglang itataas ang tabing. Lilitaw ang mga libingang may pangalang sulat sa panahong una at may mga sabit na luksa at sari-saring putong.)*

Ayan at tanawin ninyo sila!

(*Mangagluluhuran si Taga-ilog at Koro at mangahuhulog sa kanilang kamay ang mga kopang hawak, tanging hindi lamang si Asalhayop. At tatalikdan ang mga nasabing libingan.)*

Sa mga libingang iyan ay nalalagak ang mga buto nila Gat – Salian, Bituin at laksa – laksang iba pang bayaning kawal ng bayan.

Oh! Yayamang nilapastangan ninyo ang araw na ito at ang mga libingang iyan; yayamang dinudusta ninyo ang dakilang pangalan ng inyong mga ninuno; yayamang inilublob ninyo sa sa pusali ng kapalamarahan ang banal na kasulatan ng ating maharlikang lipi, ay ipagpatuloy na ninyo ang inyong baliw na kasaysayan, ipagpatuloy na ninyo, mga bunsong ginigiliw, ngunit pakiusap ko lamang, na doon sa ibabaw nila, sa ibabaw ng mga libingang iyan, ay doon kayo mag – inuman ng alak, doon kayo magsayawan at mag awitan, doon ninyo sambilatin at yurakan iyang mga laksang sabit, doon ninyo huwag tugutang libakin ang inyong sariling dangal.

(*Tatangis at marahang lalakad na tungo sa mga libingan)*

Mga bunsong pinakamamahal! Paalam ako sa inyo! Paalam ako sa inyo!

(*Mahuhulog na muli ang dating tabing.)*

LABAS 3

*(Sila rin, wala lamang si Inangbayan.)*

TAGA-ILOG: Mga kapatid ko! . . . Oh! Ano't kayo'y nangalulumbay? Dahil baga sa pag – aalaga ninyo sa nalugsong buhay ng bayan sa araw na ito? Ah, tunay nga! Sapul noon hangga ngayon ay dalawang puong taon nang singkad, dalawang puong taong pagkakaalipin. Ngunit huwag. Ngayo'y nahahanda nang lahat. Kapag kayo'y umayos sa aking mga panukala. . .

KORO: Ngayon din.

TAGAILOG: Tayo na't magsandatang lahat.

KORO: Tayo na.

*(Aalis na lahat, matitira si Asalhayop.)*

LABAS 4

*(Asalhayop)*

*(Tatanawin ang mga nagsialis)*

ASALHAYOP: Mga mangmang!

Ang mga taong ito ay mga walang pinag aralan. Mabuti pa ang aso, mabuti pa ang kalabaw, mabuti pa ang hayop kaysa kanila, sapagkat ang mga hayop ay nabubuhay at marunong magsipamuhay, ngunit ang mga taong ito ay hindi. Nangatatahimik sila ngayon. Ano't kusang nagsisihanap ng ligalig? Nalugso raw ang aming mga magulang. At ano? Kung ipaghihiganti ko baga sila mangabubuhay pa kayang muli? Babawiin daw ang Kalayaan ng bayan. At bakit pa? Mabuti ang may salaping alipin kaysa mahirap na laya. Mga hangal! (Magkukuro.) Mabuti nga.

Hahanapin ko ang mga Insik, hahanapin ko si Haringbata at aking sasabihin sa kaniya ang lahat ng nangyari.

Salapi na naman ito!

*(Anyong aalis. Lalabas si Haring-bata)*

LABAS 5

*(Asalhayop, Haringbata, mamaya'y Inangbayan.)*

HARINGBATA: Asalhayop.

ASALHAYOP: Ako po'y sumasayapak mo, dakila at

marangal na Haringbata.

HARINGBATA: Salamat.

*(Lalabas si Inang bayan at manunubok sa tabi ng tabing. Hindi siya makikita ng dalawa.)*

ASALHAYOP: Si Taga-ilog at lahat niyang kasama, na pawang kapatid niya't kapatid ko rin, ay kaaalis din po dito ngayon. Mangagsasakbat ng sandata at kayo po ay babakahin.

INANGBAYAN: *(Mapaglilo!)*

HARINGBATA: Tunay?

ASALHAYOP: Tunay po.

HARINGBATA: At bakit daw?

ASALHAYOP: Ibig daw po nilang mabawi ang kanilang Kalayaan.

HARINGBATA: At saan nangaroon?

ASALHAYOP: Ewan po. Hahanapin ko sila at pakikialaman ko ang kanilang mga lihim, upanding maipagbigay alam ko sa inyo at mangahulog sa inyong kamay.

INANGBAYAN: (*Buhong!)*

HARINGBATA: Salamat. Talasan mo ang iyong tainga't

mata. Heto ang salapi mong bayad.

*(Bibigyan ng salapi.)*

At kung mangahulog na sila sa ilalim ng aking kapangyarihan ay dadagdagan ko pa iyan, at bibigyan kita ng katungkulang mataas.

ASALHAYOP: Salamat po.

HARINGBATA: Hihintayin kita ngayong gabi sa aking bahay, at ipagbigay alam mo sa akin ang lahat nilang panukala. Heto ang tandang ilalahad mo sa taliba upang ikaw ay papasukin.

*(Bibigyan siya ng isang tsapang tanso at aalis)*

ASALHAYOP: Aasahan po ninyo.

(tiningnan ang salapi.)

Heto ang salapi ko, heto ang tunay na ina kong bayan, ang tunay na bathala. At madadagdagan pa; at mataas pa ang aking katungkulan. Sayang palad!

INANGBAYAN: *(Walang puri!)*

**LABAS 6**

*(Sila rin, Taga-ilog)*

ASALHAYOP: Taga-ilog, hinahanap kita.

TAGA-ILOG: Ako'y gayon din, kita'y aking hinahanap.

ASALHAYOP: Sasalakayin baga natin si Haringbata?

TAGA-ILOG: Oo, bukas. Humanda ka't ikaw ay kasama.

ASALHAYOP: Papaano ang paraang gagawin natin?

TAGA-ILOG: Ako'y magdadala kunwari ng buwis.

ASALHAYOP: Mahusay. At saan tayo dadaan?

TAGA-ILOG: Sa tabing dagat ang kalahati, at ang kalahati naman ay sa Diliman.

Heto na't nagdadatingan ang ating mga bayaning kawal, kasama ang mga babaeng tagapagsiyasat ng sugatan..

LABAS 7

(*Sila rin, Walangtutol, Masunurin, Korong lalaki at babae. Ang mga lalaki ay pawang sandatahan.)*

WALANGTUTOL: Taga-ilog, narito na kami.

TAGA-ILOG: Hintayin natin ang mga ibang kasama.

ASALHAYOP: Ako'y kasama ninyo, ngunit ako'y uuwi pa muna sandali.

TAGA-ILOG: Hihintayin ka namin dito.

ASALHAYOP: Aasahan ninyong ako'y darating. Aasahan ninyong kung saan kayo mamatay ay doon din ako magpapakamatay. Paalam. (Anyong aalis.)

KORO: Mabuhay si Asalhayop.

INANGBAYAN: (Kay Asalhayop.) Hintay! Taga-ilog, huwag mong paalisin si Asalhayop.

ASALHAYOP: Ako?

INANGBAYAN: Ikaw.

LAHAT: At bakit?

INANGBAYAN: Ako'y may itatanong sa kanya dito sa harapan.

MASUNURIN: Ano kaya?

KORO: Ano kaya?

INANGBAYAN: Asalhayop, wala ka bang taglay na salapi ngayon?

ASALHAYOP: Wala.

INANGBAYAN: Dinig ninyo? Wala raw. At wala ka bang taglay na kahit na anong tanso sa katawan?

ASALHAYOP: Sulupikang mangkukulam! Ano't itinatanong mo?

INANGBAYAN: Wala ka bang taglay na kahit na anong trangkaso sa katawan? Sumagot ka.

LAHAT: Sumagot ka.

ASALHAYOP: Wala. Aanhin ko ang tanso?

INANGBAYAN: Dingig ninyo? Wala raw siyang taglay na salapi, at wala rin naming taglay na kahit na anong tanso.

*(Tatawa nang malakas si Ina.)*

ASALHAYOP: Ngitngit ni Bathala! Ano't nagtataka ka?

INANGBAYAN: Dakpin ninyo at ipinagbili tayong lahat kay Haringbata.

LAHAT: Oh!

ASALHAYOP: Sinungaling si Inangbayan.

(Tatawa nang malakas si Ina)

INANGBAYAN: Mga bunso, siyasatin ninyo ang katawan ni Asalhayop, at may taglay na salapi, at may taglay na tanso.

TAGAILOG: (Sa Koro.) Siyasatin ninyo.

ASALHAYOP: Hindi ako pasisiyasat.

TAGAILOG: Dakpin ninyo.

(Tatanganan si Asalhayop ng mga sandatahan at sisiyasatin ng mga babae ang kanyang katawan. Makukunan sa bulsa ng salapi at isang tsapang tanso.)

MASUNURIN: Tunay nga!

LAHAT: Tunay nga!

TAGAILOG: Ano't ipinagkaila mo ang iyong taglay?

ASALHAYOP: Ako'y. . . sapagkat. . . hindi at. . .

INANGBAYAN: Itanong mo kung saan nanggaling ang
tanso't salaping iyan.

TAGA-ILOG: Saan nanggaling ang tanso't salaping iyan?

ASALHAYOP: Iyan ay. . . kahapon. . . datapwat. . .

*(Tatawa nang malakas si Ina.)*

INANGBAYAN: Yayamang hindi niya matutuhang turan ay aakuin ko na siya, at ako na ang magsasabi.

ASALHAYOP: Inangbayan! Mahabag ka!

TAGAILOG: Sabihin mo, Inangbayan.

LAHAT: Sabihin mo.

INANGBAYAN: Ang salaping iyan ay siyang pinagbilhan ng nilakong buhay ng bayan kay Haringbata.

LAHAT: Oh!

INANGBAYAN: At ang tansong iyan ay siyang ilalahad sa mga taliba ng kaaway, upang siya'y papasukin at masiwalat ang ating lahat ng lihim.

ASALHAYOP: Sumpa ng Apo! Ngitngit ni Mandagaran!

INANGBAYAN: Pagmasdan ninyo ang tanso at may tatak marahil ni Haringbata

(Pagmamasdan ng lahat ang tanso)

MASUNURIN: Tunay nga.

KORO: Tunay nga.

WALANGTUTOL: Kay Haringbatang tatak.

TAGAILOG: Asalhayop!

ASALHAYOP: Patawad!

INANGBAYAN: Ngayon at inyo nang nakilala kung sino nga si Asalhayop, ay paalam ako sa inyo.

*(Tuloy aalis. Anyong hahabulin ng lahat.)*

LAHAT: Inangbayan!

Isulat sa patlang ang tinutukoy sa bawat bilang.

________________________ 1. Ang simbolisnong kinakatawan ni Haring Samuel ay ang Espanya.

________________________ 2. Si Prinsipe Dolar ang mabuting anak ni Haring Samuel.

________________________ 3. Si Dakila ay kasintahan ni Prinsesa Mandawa.

________________________ 4. Ang akdang "Sa Dakong Silangan" ay naisulat noong 1928.

________________________ 5. Ang bandilang tinutukoy na may araw at tala ay ang bandila ng Amerika.

________________________ 6. Si Duke Demorito ay naghahangad ng paglaya ng Kaharian ni Haring Pilipo.

________________________ 7. Sa akda, binanggit na ang ginto na bilog ay nakabubulag.

________________________ 8. Ang matulis na kuko ng gintong dayuha'y tumarak sa dibdib ng lupang Silangan.

________________________ 9. Ang palasyo ay kulong ng malaking lambat.

________________________ 10. Ang dayuhang utak ay simbolismo ng kaisipang kolonyal.

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

1. Sa bahagi ng dula na iyong binasa, bakit kaya ang mga Tsino ang pinalitaw na kalaban sa halip na ang mga Amerikano?

________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________

2. Papaano naging asal-hayop si Asalhayop sa dula? Ipaliwanag.

________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino 8 | **Kuwarter:** | 2 |
| **Bilang ng Aralin:** | 1 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng Estados Unidos | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 7: Pagsusuri sa mga Simbolismo sa Akda**

**II. Layunin:** Napahahalagahan ang panitikan sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano

**III. Mga Kailangang Materyales:** Sagutang papel at panulat

**IV. Panuto:** Itala kung paano maiuugnay ang awit na Speak in English Zone" sa tulang "Sa Dakong Silangan" at dulang "Kahapon Ngayon at Bukas" gamit ang kahon sa ibaba:

| | **Sa Dakong Silgangan** | **Kahapon, Ngayon at Bukas** | **Speak in English Zone** |
|---|---|---|---|
| Mga Tauhan | | | |
| Tagpuan | | | |
| Banghay | | | |
| Tunggalian | | | |
| Mensahe para sa Mag-aaral | | | |
| Pamalagiang Pagkatuto | | | |

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Sumasang-ayon ka ba na "sariling wika ang siyang magpapalaya sa sambayanang gapos ng tanikala"? Ipaliwanag

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura:** | Filipino 8 | **Kuwarter:** | 2 |
| **Bilang ng Aralin:** | 1 | **Petsa:** | |
| **Pamagat ng Aralin/Paksa:** | Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng Estados Unidos | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 8: Pagsusuri sa Foreshadowing sa Akda**

**II. Layunin:** Napahahalagahan ang panitikan sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano.

**III. Mga Kailangang Materyales:** Sagutang papel at panulat

**IV. Panuto:** Gamit ang perspektiba ng kasalukuyan, ipaliwanag kung paano naging *foreshadowing* ng kalagayan sa kasalukuyan ang sumusunod:

1. Si Asalhayop at ang pakikipagsabwatan niya kay Haringbata

_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________

2. Si Haringbata sa perspektiba ng kasalukuyan

_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________

3. Ang panawagan ni Inangbayan sa kanyang mga kababayan

_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________

4. Pahayag ni Asalhayop na "mabuti ang may salaping alipin kaysa mahirap na laya."

_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Gamit ang kaalaman sa kasaysayan ay napag-aaralan natin ang kahapon. Ang kritikal naming pagsusuri sa mga nagaganap sa lipunan ang batayan ng ating ngayon. Gamit ang islogan ng DepEd na "bansang makabata, makabatang bansa" ipaliwanag pamamagitan ng organisadong mga pangungusap na hindi bababa sa walo kung ano ang magiging kalagayan ng Pilipinas sa kinabukasan. Itatakda ng guro at ng klase ang pamantayan sa pagmamarka ng sanaysay